JAK/2017/PI/H/1

RICE TERRACES OF THE PHILIPPINE CORDILLERAS

DALAWANG LIBONG TAONG BUHAY NA ISKULTURA

Sa lahat ng mga istrukturang hindi nasira sa paglipas ng panahon, ang *Rice Terraces of the Philippine Cordilleras* ay katangi-tangi para sa kanyang katatagan at kariktan. Ang *terraces* ay patong-patong na mga pirasong lupang sakahan na itinayo ng mga Ifugao sa mga bulubundukin ng Cordillera. Ang masalimuot na istruktura ng *rice terraces* – ang kanyang sinauna at likas na patubig, mga pader na gawa sa bato at putik, at kakaibang paggamit ng lupa – ay tumulong sa mga Ifugao upang makapaglinang ng isang sistema ng pagsasaka na sagana at nagtatagal, gayundin ang isang pamumuhay na may malakas na impluwensiya ng katutubong paniniwala at kulturang naka-sentro sa pamayanan. Ito ang dahilan kung bakit yumabong ang kagandahan ng *rice terraces* sa haba ng panahon.

TANAWING NAGPAPANATILI NG BUHAY

Pangunahing pinahahalagahan ang *rice terraces* bilang lupang taniman ng pagkain ng mga Ifugao. Ang terraces ay bunga ng kanilang hangaring magkaroon ng pamayanan na kayang magsarili at manatiling maunlad. Kaya naman, nilayon na ang bawat aspeto ng *rice terraces* ay maging mabisa pagka't kaisa ng kalikasan. Tinatawag na *pu-gu* ang pinakatuktok na kakahuyang bahagi ng *rice terraces*. Mahigpit itong pinangangalagaan at nagsisilbing bukal ng likas na patubig para sa mga pirasong lupain ng hagdang taniman.

Sa itaas ng mga *terraces*, may tinatawag na *muyong* o mga kakahuyan na pag-aari ng pamilya o di kaya ng buong komunidad. Ito'y pinagmumulan ng mga pangangailangan tulad ng gamot, panggatong, materyales sa paggawa ng bahay at kasangkapan para sa paglilok ng kahoy at paghahabi ng basket.

Ang ikatlong bahagi ay ang mismong mga *rice terraces*, na may mga pader na itinayo sa pamamagitan ng mga katutubong kasangkapan at angking kasipagan ng mga Ifugao. Gawa pa rin sa bato at putik ang mga pader na sumusuporta sa mga *rice terraces*, at dinesenyo ito upang sundan ang likas na hugis ng kabundukan. Sa tabi ng mga pader ng rice terraces, makikita ang sala-salabid na mga agusan ng tubig na malayang dumadaloy mula sa mga *watershed* patungo sa iba't ibang palapag ng palayan.

Sa paaanan, makikita ang *dolya*, o mga kakahuyan ng iba't ibang damo at halamang-prutas na nagsisilbi ring bakod sa pagitan ng tirahan ng komunidad at *rice terraces*. Sinisiguro ng lahat ng ito na nagagamit nang husto ng pamayanan ang mga lupaing pang-agrikultura sa kabundukan, at sila'y nakakapag-ani ng mga masagana at de-kalidad na pananim.

BIYAYA MULA SA MGA DIYOS

Ang pangunahing pananim ay ang pinagnunuang palay *(heirloom rice)*, at pinakabantog ang mga katutubong uri na maaaring anihin taon-taon, ang *tinawon* (nangngahulugang kada-isang -taon). Naniniwala ang mga Ifugao na ang mga butil ng palay na ito ay isang biyayang binigay sa kanila ng mga diyos, at matatagpuan ang mga salaysay na ito sa mga katutubong alamat ng mga Ifugao. Itinuturing na lubos na masustansiya ang tinawon. Pinatutubo ito nang likas (organic) at mas siksik ang mga butil nito kaysa sa palay ng kapatagan, kahit na mas kaunti ang naaani dito. Ipinahahayag ng mga Ifugao ang paggalang at pasasalamat sa banal na palay sa pamamagitan ng agrikultural na siklo ng paghahanda, pagtatanim, at pag-aani – magkahalong paggawa at pagdaos ng mga ritwal na pinangungunahan ng *Mumbaki*.

Bagaman pangunahin sa kultura ng mga Ifugao ang *tinawon* na bigas, marami pang ibang matatagpuan sa pagkaing Ifugao. Kabilang dito ay gabi, kamote, kamoteng kahoy, bawang, sibuyas, kamatis, kalabasa, at iba't ibang uri ng lentehas *(beans)* at legumbre *(legumes)*.

Mga tangkay ng Tinawon

ANG WAGAS NA KUWENTO NG PAG-IIBIGAN NG TAO AT KABUNDUKAN.

Sa loob ng maraming siglo, nabuhay ang mga pamayanan ng Ifugao mula sa mga ani na galing sa *rice terraces*, at nagbigay naman ang huli ng masagang kabuhayan bilang kapalit sa mapagmahal na pangangalaga at pag-iingat ng mga Ifugao. Ang pamanang ito ng agrikultura at mga ritwal na hindi maipaghihiwalay, ay kitang-kita sa pang-araw-araw na buhay ng mga katutubong naninirahan sa bai-baitang na dalusdos ng Cordillera.

Gayunman, ang katatagan ng pamumuhay ng mga Ifugao ay hinahamon ngayon ng mga pagbabagong sanhi ng modernisasyon at *climate change*. Ang industriya ng turismo, bagaman nagbibigay ng mga bagong pagkakakitaan, ay nagdadala rin ng ibang uri ng tunggalian sa nakagawiang pananaw.

Dahil sa patuloy na pagtaas ng halaga ng mga bilihin at pagbabago sa siklo ng agrikultura, ang ilang mga magsasaka ay nagtatanim ng palay mula sa kapatagan at iba pang pananim na mas madaling pagkakitaan. Naaakit naman sa mga makabagong uri ng kabuhayan ang mga nakababatang henerasyon na nakapag-aral sa bayan. Dahil sa pagkaunti ng mga kasapi ng pamilyang may kagustuhang magtrabaho sa sakahan, hindi na napapanatili nang husto ang kaayusan ng mga *rice terraces*. Sa kabila ng mga hamong ito, pinagpapatuloy ng mga katutubo ang pagharap sa buhay. Pagka't likas na mapagsumikap, nakikipag-kapitbisig ang pamayanan sa lokal na pamhalahaan at mga katambal na pribadong samahan na nakatuon sa pangangalaga ng kultura ng mga Ifugao at ang kanilang *rice terraces*.

OUTSTANDING UNIVERSAL VALUE

Ang *Rice Terraces of the Philippine Cordilleras* ay isang natatanging halimbawa ng isang sumisibol at buhay na tanawing kultural na mababakas mula pa noong panahong bago dumating ang mga mananakop, dalawang siglo na ang nakalilipas. Matatagpuan ang *rice terraces* sa mga liblib na lugar ng bulubunduking Cordillera sa hilagang isla ng Luzon, kapuluan ng Pilipinas.Bagaman ang makasaysayang *rice terraces* ay matatagpuan sa kabuuang lawak ng lalawigan, ang *inscribed property* ay binubuo ng limang kumpol ng pinakabuo at makapukaw-damdaming terraces, na makikita sa apat na munisipyo. Lahat ay gawa ng mga katutubong Ifugao, isang maliit na pangkat na libo-libong taon nang naninirahan sa mga kabundukang ito.

Ang limang nakatalang kumpol ay; (i) Nagacadan *Terrace Cluster* sa munisipyo ng Kiangan, na may dalawang bukod-tanging paakyat na hilera ng baitang na may ilog sa pagitan; (ii) ang Hungduan *Terrace Cluster* na namumukod-tangi dahil sa mala-sapot na gagambang anyo nito; (iii) ang sentrong Mayoyao *Terrace Cluster* na natatangi dahil sa ang mga hagdan nito ay kakikitaan ng pagsasalitan ng mga *bale* (katutubong bahay) at alang (imbakan ng palay); (iv) ang Bangaan *Terrace Cluster* sa munisipyo ng Banaue na may tanawin ng karaniwang katutubong tirahan ng mga Ifugao; at (v) ang Batad *Terrace Cluster* sa munisipyo ng Banaue na inukit sa loob ng isang mala-ampiteatrong kalahating bilog na katatagpuan din ng isang komunidad sa paanan nito.

Kinakatawan ng *Ifugao Rice Terraces* ang lubos na pagtatalaban ng mga pisikal, sosyo-kultural, pang-ekonomiya, panrelihiyon at pampulitikang nga kaligiran. Tunay itong buhay na tanawing kultural na may kagandahang walang katulad. Ang *Ifugao Rice Terraces* ay isang 'di matatawarang ambag ng mga ninunoong Pilipino sa sangkatauhan. Itinayo dalawang libong taon na ang nakalilipas at isinasalin sa bawat henerasyon, ang *Ifugao Rice Terraces* ay simbolo ng hindi nagmamaliw na halimbawa ng sinaunang kabihasnan na sumaibayo sa iba't ibang hamon at balakid na dala ng pagbabago ng panahon.

Dahil nasa mas mataas na kinalalagyan at itinayo sa mga mas matatarik na dalisdis kumpara sa ibang mga terraces, ang kumpol ng *rice terraces* ng Ifugao na ang pader ay gawa sa bato o putik, ang maingat na pag-ukit nito sa likas na hugis ng burol at bundok upang makalikha ng mga hagdan-hagdang tubigan na may katumbas na pasikot-sikot na sistemang patubig mula sa mga kagubatan sa itaas ng bundok, at ang natatanging sistema ng pagsasaka nito, ay sumasalamin sa dalubhasang pag-iinhinyero ng mga Ifugao na hinahangaan magpasahangggang ngayon.

Ang hagdang taniman ay isang halimbawa ng wagas na katutubong kaugalian at katangi-tanging katatagan, lalo na't isinisiwalat ng mga arkeolohikal na patunay na ang hindi nagbabagong pamamaraang ito ay ginagamit 2,000 taon na ang nakalilipas. Nagbibigay ito ng maraming kaalaman upang magamit sa mga katulad na kapaligiran. Ang pagpapanatili sa buhay na *rice terraces* ay sumasalamin sa pagtutulungang batay sa masusing kaalaman ng mayamang dibersidad ng likas na yamang matatagpuan sa sistemang pang-agroekonomiya ng Ifugao, isang masinop na taunang sistema na may pagtataya sa siklo ng buwan, paghahasik at pagpaplano sa lupain, pangangalaga sa lupa, pagkabihasa sa masalimuot na sistema ng pagpipigil ng mga peste na nakabatay sa pagproseso ng damong-pagkain at gamot na sinasabayan ng mga ritwal sa pananampalataya.

Mga Pamantayan Upang Mapabilang ang isang lugar sa *World Heritage List:*
Pamantayan (iii): Ang *rice terraces* ay isang kagila-gilalas na patunay sa isan maipagpapatuloy na sistemang pangkomunidad ng pag-ani sa palay batay sa patubig na nagmumula sa tuktok ng bundok at paglikha ng mga batong hagdan at tubigan, isang sistemang napanatiling buhay sa loob ng dalawang siglo.

Pamantayan (iv): Ang *rice terraces* ay isang alaala sa kasaysayan at paggawa ng higit isang libong henerasyon ng mga maliliit na magsasaka, na sa pamamagitan ng pagtutulungan sa komunidad, ay nakapaglikha ng lupaing nakabatay sa maingat at maipagpapatuloy na paggamit ng likas na yaman.

Pamantayan (v): Ang hagdang palayan ay isang natatanging halimbawa ng paggamit sa lupa na bunga ng maayos na ugnayan sa pagitan ng tao at kapaligiran na siya namang nagbunga ng mga kahanga-hangang matatarik na hagdang tanawin na siyang may angking kagandahan, ngunit ngayon ay nanganganib dahil sa mga pagbabago sa mga sistemang pang-ekonomiya at panlipunan.

Bulul – inukit na anyo sa kahoy, naglalarawan sa mga kaluluwa ng mga ninuno. Sila ang taga-bantay sa mga tanim at imbakan ng palay.

GABAY PARA SA MGA TURISTA:

Maraming mga maiaalok na gawaing panturismo ang hiwaga ng *Rice Terraces of the Philippine Cordilleras*. May ilang mga talon at magagandang rutang maaaring tahakin para sa mga turistang naghahanap ng mga kapana-panabik na Gawain. May mga kainan at tindahan ng mga *souvenir* na ukit sa kahoy para naman sa mga turistang naghahanap lamang ng libang, at iba't ibang museo at mga eksperyensyal na pamamasyal para naman sa mga nagnanais ng paglilibot na pang-akademya.

Marami ring mga madali at maginhawang tirahan tulad ng mga *inn* at *home-stays* sa kabuuan ng limang munisipyo na madaling marating at tama lamang ang mga singil. Upang masulit ang mga paglalakbay, mahalaga na magpatala ang mga turista at kumuha ng mga gabay mula sa opisina ng turismo ng bawat munisipyo. Sa angkop na paggabay, masisiguro na ligtas ang inyong paglalakbay at walang malalaktawang mga lugar at karanasan! Ang mga singil para sa pangangalaga ng kapiligiran ay isa ring mahalagang paraan upang masuportahan ang mga pamayanan ng Ifugao at ang kanilang *rice terraces*.

TO BAGUIO

Walo at kalahating oras na pagmamaneho na daraan sa Mt. Province

Tappiyah Falls

BANAUE RICE TERRACES

4 na kilometro mula sa Banaue Town Proper

2 HUNGDUAN TERRACE CLUSTER

Puntahan ang kalawakan ng *Hundungan Rice Terraces* na tanyag sa mala-sapot ng gagambang anyo nito kung titingnan mula sa himpapawid. Matulog sa mga *home-stays* na matatagpuan sa gitna ng mga *terraces* sa tabi ng ilog Hapao. Tuklasin ang kalapit na mainit na bukal ng Bogyah.

26 na kilometro mula sa Banaue (higit-kumulang 1 oras na biyahe)

Banaue

BANAUE MUSEUM

BANAUE TRADE CENTER

at Municipio

Kiangan

1 NAGACADAN TERRACE CLUSTER

Danasin ang katutubong kultura ng mga Ifugao habang naglalakad sa *Open Air Museum* ng *Nagacadan Rice Teraces* sa Kiangan. May mga eksibit na nagpapakita ng karaniwang takbo ng buhay ng mga pamilyang Ifugao, mga katutubong habi at mga tela at gayundin ang mga karaniwang agrikultural na produkto at arkitektura.

33 kilometro mula sa Banaue (higit-kumulang 1 oras at 30 minutong pagmamaneho)

Asipulo

TO MANILA

348 na kilometro na daraan sa San Jose City

5 BATAD TERRACE CLUSTER

Lubos na kahanga-hanga ang *Batad Rice Terraces*. Nakaukit ang mga hagdan sa loob ng isang napakalaking mala-ampiteatrong kalahating bilog. May komunidad sa paanan ng terraces, nakatambad sa mala-sining na agawan ng araw at lilim mula sa nagdaraang ulap. Marami ang pumipiling akyatin ang *terraces* at lakbayin pababa ang *Tappiyah Waterfalls*. Maaari ring pagmasdan ang tanawin mula sa alinmang *homes-stays* sa itaas ng *terraces* at mamili ng mga gawang-kamay na katutubong habi at mga inukit na kahoy.

16 na kilometro mula sa Banaue (higit-kumulang isang oras na biyahe)

Batad Saddle

3 CENTRAL MAYOYAO TERRACE CLUSTER

Mapagmamasdan mula sa Bundok ng Nagchajan ang malawak na tanawin ng *Central Mayoyao Rice Terraces*, na kinagigiliwan ng marami dahil sa salitan ng mga *bale* o katutubong bahay ng mga magsasaka at mga *alang* o imbakan. Tuklasin ang mga lakaran sa gitna ng mayabong na kapaligiran papunta sa mga malalapit na talon at tikman ang katutubong produktong alak na gawa sa luya at palay.

41 kilometro mula Banaue (higit-kumulang 2 oras at kalahating biyahe)

4 BANGAAN TERRACE CLUSTER

Sa mismong munisipyo ng Banaue ay ang paboritong dayuhin ng mga turista. Bagtasin ang liko-likong landas ng *Bangaan Rice Terraces* na may tanawin ng katutubong pamayanan ng mga Ifugao. May pagkakataon ring mapagmasdan ang isang araw sa buhay ng mga magsasakang pamilya ng Ifugao.

4 na kilometro mula Banaue (higit-kumulang 1 oras na biyahe)

PAGBIBIGAY-GALANG SA KULTURA NG MGA IFUGAO:

- Iwasan ang pagsuot ng mga maninipis at napakaikling pananamit
- Humingi ng pahintulot bago kumuha ng mga larawan, lalo na ng mga nakatatandang katutubo
- Kung magsusuot ng katutubong damit at gagamit ng mga katutubong kasangkapan at instrumento, humingi ng gabay, upang hindi mabastos ang mga katutubo sa 'di angkop na paggamit ng mga nasabing bagay
- Maging maalam sa ilang mga pagdiriwang na mas gustong ipagdiwang ng mga Ifugao nang sarilinan sa loob ng kanilang mga komunidad
- Bigyang galang ang mahigpit na pribadong ritwal ng mga pamilya gayundin ang mga ritwal ng pagpapagaling sa mga maysakit
- Para sa inyong kaligtasan at pagpapanatili ng kaayusan ng *rice terraces*, magrehistro sa mga angkop na munisipyo o opisinang panturismo
- Bayaran ang mga singil para sa pangangalaga ng kapaligiran
- Ang paglalakad sa mga *rice terraces* ay pinakamainam na isinasagawa kasama ang mga nirerekomendang mga gabay; lagi lamang maglakad sa mga tamang daanan at sundin ang panutong ibibigay ng inyong mga gabay
- Maaari kayong mag-arkila ng mga tungkod; ang ilang mga landas ay may mga matatarik na landas na maaaring mahirap akyatin
- Bawal ang paninigarilyo sa mga pampublikong lugar (may ilang mga munisipyo na may mga lokal na batas ukol dito)
- Huwag magtapon o mag-iwan ng anumang basura
- Iwasan ang labis na pag-inom ng alak, at ugaliing hinaan ang mga pag-uusap ninyong mga magkakasama tuwing gabi, lalo na kung naninirahan malapit sa mga komunidad

RICE TERRACES OF THE PHILIPPINE CORDILLERAS

Ipinapakita ng mapang ito ang namumukod-tanging Rice Terraces of the Philippine Cordilleras – isang World Heritage Site sa Ifugao, Pilipinas. Ang mga nakasulat sa mapang ito ay kinuha mula sa kasulatan ng pagkahirang ng lugar na ito noong 1995, at bunga rin ng mga konsultasyon at pagpupulong sa Ifugao sa ilalim ng proyektong pinamagatang: *"The Power of Culture: Supporting Community-Based Management and Sustainable Tourism at World Heritage Sites in Malaysia and Southeast Asia,"* pinondohan ng pamahalaan ng Malaysia sa pamamagitan ng Malaysia Funds-in-Trust.

Inilalalarawan ng mapang ito ang mga lugar at pakahulugan ng mga naitalang gabay upang tunay na maranasan ng mga bisita ang *Outstanding Universal Value* ng mga terraces, at bahagi ng pakikipagtulungan ng UNESCO sa pagpapanatili at pagpapangalaga ng mga *World Heritage Sites* para sa mga susunod na henerasyon.

PAMATNUGUTAN NG NILALAMAN
Foundation for Communication Initiatives (FOCI), Inc.
Emily A. Abrera
Isabella Ann Mendoza
Cristina Elisse C. Cudiomat
Noriel I. Barrios

OPISINA NG UNESCO, JAKARTA
Christa Hardjasaputra
Wieske Sopardan

TAGAKUHA NG MGA LARAWAN
Charles Altamonte
Ariel Dalisay

SUKAT, AYOS, DISENYO AT PAGGUHIT
Ariel Dalisay

KATUWANG ANG:

TAGALIKHA
UNESCO Office, Jakarta

PINONDOHAN SA PAMAMAGITAN NG

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON UKOL SA RICE TERRACES OF THE PHILIPPINE CORDILLERAS: http://whc.unesco.org/en/list/722